




Mga Prinsipyo para sa mga Tagapagtustos

1. Panimula

Ang Macquarie Group Limited at ang mga subsidiyaryong ganap na pag-aari nito¹ (“Macquarie”) ay nakatuon sa pagtiyak sa matataas na pamantayan ng pagganap sa kapaligiran, lipunan at pamamahala sa loob ng supply chain nito. Ang pagtutuon na ito ay hinihimok ng parehong mga pangunahing pinahahalagahan na gumagabay sa negosyo ng Macquarie: Pagkakataon, Pananagutan at Integridad² na nakabalangkas sa Alituntunin ng Pag-uugali ng Macquarie Group. Nilalayan ng mga Prinsipyo ng Tagapagtustos (“ang mga Prinsipyo”) na tulungan ang Macquarie na itaguyod ang mga pangunahing pinahahalagahan nito sa pamamagitan ng mga relasyon sa tagapagtustos na lumilikha ng pangmatagalan, napapanatiling halaga para sa ating mga kliyente, shareholder at komunidad.

Ang Macquarie ay may matatag na balangkas ng pamamahala sa panganib at inaasahan ang aming mga tagapagtustos na gagawa ng isang maagap na diskarte sa pagpapagaan at pamamahala sa mga panganib sa Kapaligiran, Lipunan at Pamamahala (Environmental, Social and Governance, ESG). Dapat kasama rito ang mga sistema at pamamaraan para sa pagtukoy, pagtatasa, pamamahala at pagpapagaan sa mga panganib na may kaugnayan sa mga lugar na tinukoy sa mga Prinsipyo.

Nakatuon ang Macquarie sa patuloy na pagpapabuti at napapailalim ang dokumentong ito sa paminsan-minsang pagbabago. Ang pinakabagong bersyon ng mga Prinsipyo ay makukuha sa Portal ng Tagapagtustos ng Macquarie [<https://www.macquarie.com/au/en/about/suppliers.html>]. Hihilingin sa mga tagapagtustos na kilalanin ang pinakabago na mga Prinsipyo sa panahon ng kontrata, pag-renew, o sa mga makabuluhang pagbabago sa mga Prinsipyo, gaya ng ipinapaalam paminsan-minsan ng Macquarie.

2. Aplikasyon

Inaasahan ang mga tagapagtustos na nagbibigay ng mga produkto at serbisyo sa Macquarie sa buong mundo (“Mga Tagapagtustos”) na:

- sumunod sa lahat ng naaangkop na batas kabilang ang mga karapatang pantao, kapaligiran, kalusugan at kaligtasan sa trabaho at laban sa panunuhol o katiwalian;
- panatilihin ang mga kaugnay na patakaran at pamantayan na sumasaklaw sa mga paksang tinalakay sa mga Prinsipyo;
- makapagpakita ng pagsunod sa mga pinakamababang kinakailangan ng mga Prinsipyo kapag kumukumpleto ng isang alok na kahilingan, sa panahon ng pag-profile ng panganib o pag-onboard at sa buong buhay ng kaayusan kung hihilingin;
- gumawa ng patuloy na mga pagpapabuti sa mga lugar na tinukoy sa mga Prinsipyo;
- ipaliwanag ang mga Prinsipyo sa kanilang mga empleyado at subcontractor; at
- maagap na ipaalam sa Macquarie ang anumang mga paglabag o insidente na nakakaapekto sa Macquarie sa isang napapanahong paraan o alinsunod sa mga napagkasunduang tuntunin sa kontrata, na nagsasagawa ng mga makatwirang hakbang upang matugunan at maayos kung kinakailangan.

3. Mga Prinsipyo para sa mga Tagapagtustos

3.1 Pag-uugali at etika sa negosyo

Inaasahan ng Macquarie ang etikal na pag-uugali mula sa mga tauhan nito at naghahanap ng mga tagapagtustos na nagsasagawa ng negosyo sa paraang patas, tapat, magalang at naaayon sa batas.

¹ Alinsunod sa mga pagbubukod na nakasaad sa Seksyon 6 sa ibaba.

² www.macquarie.com/about/company/what-we-stand-for

Panunuhol at Katiwalian

- Inaasahan ang mga tagapagtustos na magsisikap para mapagilan ang lahat ng uri ng katiwalian kabilang ang panunuhol, pangingikil o anumang pagtatangka na hindi wastong mag-impluwensya para sa pangpersonal o pangnegosyo na kalamangan, direkta man o hindi. Ang mga tagapagtustos ay dapat na magpanatili ng sapat na mga pamamaraan para maiwasan ang panunuhol at katiwalian, kabilang ang mga pamamaraan para sa pag-uulat ng mga red flag at para sa pagpigil sa mga nauugnay na tao (halimbawa, mga empleyado o subcontractor) mula sa panunuhol o katiwalian.

Mga salungatan ng interes

- Inaasahan ang mga tagapagtustos na iwasan, kung posible, o naaangkop na pangasiwaan, ang anumang aktwal o potensyal na salungatan ng mga interes na magmumula sa alinman sa mga personal o pangnegosyo na relasyon. Anumang alam na aktwal o potensyal na salungatan ng mga interes na nagmumula dahil sa mga personal o pangnegosyo na relasyon ay dapat na ibunyag agad sa Macquarie.

Katatagan sa Operasyon at Pagpapatuloy ng Negosyo

- Inaasahan ang mga tagapagtustos na nasuri at nasubok na ang mga kakayahan ng kanilang negosyo na magpapatuloy, na sa isang malubha ngunit makatotohanang kaganapan ng pagkaantala (tulad ng pagpalya ng teknolohiya, natural na sakuna, paglabag sa seguridad sa cyber, pagkalugi ng tagapagtustos atbp.) mayroon silang kumpiyansa sa kanilang kakayahang mapanatili ang kanilang mga kritikal na operasyon o serbisyo sa negosyo at magbigay sa Macquarie ng mga serbisyo alinsunod sa napagkasunduang mga probisyon sa kontrata. Dapat ibunyag ng mga tagapagtustos ang anumang malaking alalahanin sa kanilang kakayahang mapanatili ang mga kritikal na operasyon o serbisyo ng negosyo at magbigay sa Macquarie ng mga serbisyo alinsunod sa napagkasunduang mga probisyon sa kontrata.

Cybersecurity at Pagkapribado ng Datos

- Hinahangad ng Macquarie na gumana sa loob ng isang kapaligirang napamamahalaan ang peligro na naglilimita sa posibilidad ng insidente sa seguridad ng impormasyon o kaganapan ng pagkawala ng datos at napapaliit ang epekto ng anumang naturang insidente. Kung nauugnay sa ibinigay na serbisyo, inaasahan ng Macquarie ang aming mga tagapagtustos na:
 - protektahan ang impormasyong nauugnay sa Macquarie, ang mga empleyado, kostumer at katuwang ('Macquarie Information') nito (laban sa pagkalugi at/o hindi awtorisadong pag-access, paggamit, pagbabago o pagsisiwalat;
 - pangasiwaan ang Impormasyon ng Macquarie alinsunod sa lahat ng naaangkop na kinakailangan sa kontrata at regulasyon; at
 - magkaroon ng naaangkop na dokumentado at nasubok na insidente sa seguridad ng impormasyon at plano sa pamamahala sa pagtugon sa paglabag sa datos, at ibahagi ito sa Macquarie kapag hiniling.

Mekanismo ng Karaingan

- Inaasahan ang mga tagapagtustos na magkaroon ng patakaran o mekanismo sa pagbubulgar para maprotektahan ang mga empleyado o iba pang tao na nagpapahayag ng mga alalahanin nang may mabuting intensyon.

3.2 Mga karapatang pantao at paggawa

Sinusuportahan ng Macquarie ang mga pangunahing karapatang pantao tulad ng itinakda sa Pangkalahatang Deklarasyon ng mga Karapatang Pantao at codified sa Internasyonal na Tipanan sa mga Karapatang Sibil at sa Pulitika, Internasyonal na Tipanan sa mga Karapatan sa Ekonomiya, Lipunan at Kultura, at mga pangunahing kombensiyon ng Internasyonal na Organisasyon sa Paggawa. Alinsunod sa mga Gabay na Prinsipyo ng UN sa Negosyo at mga Karapatang Pantao (UN Guiding Principles on Business and Human Rights, UNGPs), kinikilala ng Macquarie ang tungkulin ng mga Estado na protektahan ang mga karapatang pantao at ang responsibilidad ng mga negosyo na igalang ang mga karapatang pantao. May balangkas ng Macquarie ng mga patakaran at proseso na nakalagay upang matukoy at mabawasan ang mga potensyal at aktwal na epekto sa karapatang pantao, kabilang ang modernong pang-aalipin. Matatagpuan ang aming diskarte sa pamamahala sa mga panganib sa karapatang pantao at ang aming taunang Pahayag sa Modernong Pang-aalipin sa <https://www.macquarie.com/au/en/disclosures/human-rights-at-macquarie.html>

Dahil dito, inaasahan namin na tutugon ang aming mga tagapagtustos sa mga sumusunod na pamantayan:

Walang Pagtatrabaho ng Bata

- Ang mga tagapagtustos sa anumang sitwasyon ay hindi dapat gumamit ng pagtatrabaho ng bata³ at hindi dapat sumali sa pag-subcontract na nagsasangkot ng pagtatrabaho ng bata.

Walang Sapilitang Paggawa, Pagpuslit ng Tao o iba pang anyo ng modernong pang-aalipin⁴

- Ang mga supplier ay hindi dapat gumamit o mangasiwa ng anumang anyo ng modernong pang-aalipin tulad ng pagpuslit ng tao, sapilitan o di-boluntaryong paggawa at inaasahang magbibigay sa mga lokal at migranteng manggagawa ng karapatan at kakayahang umalis sa trabaho kapag gusto nila.

Walang diskriminasyon

- Ang mga tagapagtustos ay dapat na magbigay ng lugar ng trabaho kung saan may access ang lahat ng empleyado sa pantay na mga pagkakataon na walang panliligalig, diskriminasyon, pananakot, labag sa batas o hindi makataong pagtrato batay man sa kasarian, edad, kapansanan, etnisidad o kultural na kaugnayan, oryentasyong sekswal, paniniwala, background sa edukasyon o anumang iba pang batayan.

Walang paghihiganti

- Dapat tiyakin ng mga tagapagtustos na tinatrato ang mga empleyado nang may paggalang at protektado mula sa paghihiganti kung may mga alalahanin kaugnay sa negosyo at/o pag-uugali ng empleyado.

Kalayaan sa pagsasamahan

- Dapat igalang ng mga tagapagtustos ang karapatan ng kanilang mga empleyado para sa kalayaan sa pagsasamahan.

Makatarungang kabayaran

- Dapat magbigay ang mga tagapagtustos ng patas at naaangkop na sahod at mga benepisyo na tumutugma sa mga lokal na sahod sa pamumuhay.

Mga oras ng trabaho

- Dapat tiyakin ng mga tagapagtustos na boluntaryo ang lahat ng overtime na trabaho, at hindi kinakailangang lumampas ang mga empleyado sa mga lokal na legal na limitasyon para sa mga regular at oras ng overtime.

3.3 Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho

Bilang karagdagan sa pagsunod sa lahat ng naaangkop na batas sa kalusugan at kaligtasan, inaasahang magbigay ang mga tagapagtustos ng malusog at ligtas na kapaligiran ng trabaho para sa kanilang mga empleyado at pagaanin ang mga panganib sa kalusugan, kaligtasan at kagalingan hangga't makatwirang magagawa.

- Kung nauugnay, makikipagtulungan ang Macquarie sa mga Tagapagtustos upang matiyak na may naaangkop na mga kontrol sa WHS.
- Batay sa uri ng mga produkto o serbisyong ibinibigay sa Macquarie, maaaring kailanganin ng mga Tagapagtustos na magbigay ng karagdagang ebidensya ng mga sistema ng pamamahala sa trabaho, kalusugan at kaligtasan at sumunod sa mga partikular na kinakailangan sa site.

³ Alinsunod sa Kumbensyon Blg. 138 ng Internasyonal na Organisasyon ng Paggawa kaugnay sa Pinakamababang Edad para sa Pagtanggap ng Trabaho

⁴Ang modernong pang-aalipin ay kinabibilangan ng mga pinakaseryosong anyo ng pagsasamantala sa tao at may maraming anyo kabilang ang: pagpuslit ng mga tao; pang-aalipin; pagkaalipin; sapilitang kasal; sapilitang paggawa; pagkaalipin dahil sa utang; mapanlinlang na pagrekrut para sa paggawa o mga serbisyo at pagtatrabaho ng bata

3.4 Pagbabago sa kapaligiran at klima

Naglalapad ang Macquarie ng pag-iingat na diskarte sa panganib sa kapaligiran at nilalayong gumawa ng positibong kontribusyon sa pagganap sa kapaligiran. May patuloy na pagtutuhan ang Macquarie sa pagkakaroon ng positibong epekto sa lipunan at kapaligiran sa lahat ng sarili naming mga pagpapatakbo sa negosyo at ipinapahayag namin ang aming mga pagtutuhan sa pagpapanatili ng kompanya nang may partikular at nasusukat na mga target sa kabuuan sa kapaligiran at mga haligi ng lipunan.

Ang pagbabago ng klima ang isa sa mga pinagtutuhan ng pansin ng ESG ng Macquarie at ang pagtatasa at pamamahala sa mga panganib at pagkakataon sa pagbabago ng klima ang pangunahin sa aming negosyo at mga kasanayan sa pamamahala sa peligro. Para sa sarili naming mga pagpapatakbo ng negosyo, nakatuon ang Macquarie sa pag-target sa net zero sa Saklaw 1 at 2 na mga emisyon bago ang FY2025, at bumubuo kami ng mga diskarte sa pagbabawas ng mga emisyon para sa mga emisyon ng Saklaw 3 alinsunod sa patnubay sa industriya.

Dahil dito, inaasahan ng Macquarie ang mga tagapagtustos na tukuyin, tasahin, pamahalaan at ipaalam kung paano nila pinamamahalaan ang kanilang mga epekto at pagganap sa kapaligiran. Dapat saklawin nito ang mga epekto ng parehong mga kalakal at serbisyo kung nauugnay, kabilang ang pagtatasa sa buong siklo ng buhay sa kapaligiran ng mga kalakal o serbisyong iyon. Inaasahan ng Macquarie ang mga Tagapagtustos na:

- Magpakita ng pagsunod sa lahat ng naaangkop na batas sa kapaligiran, regulasyon at kaugnay na mga pamantayan sa internasyonal;
- Magtakda, o sumulong patungo sa pagtatakda, ng target na pagbabawas ng mga emisyon na nahahanay sa agham, at makipagtulungan sa Macquarie sa pagsisiwalat sa mga nauugnay na emisyon o mga panganib sa klima;
- Gawing available ang may-katuturan ng impormasyon kaugnay sa mga kredensyal sa kapaligiran ng mga produkto o serbisyong ibinigay sa Macquarie, kabilang ang pagbibigay ng mga sertipikasyon ng ikatlong partido para sa mga produkto at serbisyo kung nauugnay o kinakailangan ayon sa kontrata;
- Magkaroon ng epektibong patakaran sa kapaligiran at/o sistema ng pamamahala sa kapaligiran upang masuportahan ang pangangalaga sa kapaligiran at mabawasan ang panganib sa kapaligiran; at
- Humanap ng mga pagkakataon upang mapabuti ang pagganap sa kapaligiran ng mga kalakal o serbisyong kaugnay sa napapanatiling produksyon, transportasyon, operasyon at pagtatapon o pagwawakas.

4. Pagtatasa at Pagsunod

Inilalaan ng Macquarie ang karapatang magsagawa ng mga pag-audit o pagtatasa sa pagsunod kung kinakailangan upang matiyak ang pagkakahanay sa mga Prinsipyo o pagsunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon. Inaasahan namin na tutugon at makikipagtulungan ang mga Tagapagtustos kapag kailangan ng aksyon bago, sa panahon o bilang resulta ng mga pagtatasa na ito. Kinikilala ng Macquarie na maaaring magtagal ang pagsunod sa mga Prinsipyo na ito para sa ilang Tagapagtustos at nangangako kaming makipagtulungan sa aming mga Tagapagtustos upang matulungan silang ipatupad ang mga plano para makamit ang pagsunod.

Gayunpaman, inaasahang aayusin ng mga Tagapagtustos ang mga paglabag sa ESG alinsunod sa mga naaangkop na batas at pamantayan ng industriya. Sa kaso ng paglabag sa mga karapatang pantao na maaaring idinulot o iniambag ng isang Tagapagtustos, inaasahan ang mga Tagapagtustos na maglalaan o lumahok sa pag-ayos sa paglabag alinsunod sa Mga [UNGP](#).

Kung kasangkot ang isang Tagapagtustos sa, o nalantad sa, mahahalagang isyu sa ESG (kabilang ang mga paglabag), dapat na abisuhan ng Tagapagtustos ang Macquarie sa sandaling praktikal o alinsunod sa mga napagkasunduang tuntunin sa kontrata.

Sa kaganapan ng anumang hindi pagsunod sa mga kinakailangan ng mga Prinsipyo at/o mga naaangkop na batas at regulasyon, inilalaan ng Macquarie ang karapatang muling isaalang-alang ang relasyon nito sa negosyo sa Tagapagtustos.

5. Pagpapahayag ng mga alalahanin kaugnay sa hindi tamang pag-uugali

Ang mga Tagapagtustos ng Macquarie, ang kanilang mga empleyado at subcontractor ay maaaring kumpidensyal na mag-ulat ng mga alalahanin kaugnay sa hindi wastong pag-uugali ng Macquarie, ang Tagapagtustos o sinumang iba pang partido sa supply chain. Kasama sa hindi wastong pag-uugali ang paglabag sa batas, paglabag sa Alituntunin ng Pag-uugali ng Macquarie o mga nauugnay na patakaran, maaaring maisapanganib ng pag-uugali ang kalusugan at kaligtasan ng sinumang tao o kapaligiran, maling kasanayan sa pananalapi o hindi etikal na pag-uugali. Ang anumang tunay na alalahanin kaugnay sa hindi tamang pag-uugali ay maaaring iulat nang may kumpiyansa sa Tanggapan ng Integridad sa <mailto:integrityoffice@macquarie.com> na isang panloob na independyente at kumpidensyal na tungkulin na nangangasiwa sa Programa sa Pagbubulgar ng Macquarie. Bilang kahalili maaaring gamitin ang [Hotline ng Integridad](#) upang mag-ulat ng alalahanin (sa online man o sa pamamagitan ng telepono) nang hindi nagpapakilala.

6. Mga pagbubukod sa saklaw

Ang mga prinsipyong ito ay hindi nalalapat sa mga Tagapagtustos na nakikibahagi sa Operationally Segregated Subsidiaries (“OSS”) o hindi kinokontrol na mga entidad⁵ dahil sa pagkakaroon nila ng sarili nilang hiwalay at iniangkop na mga balangkas sa pamamahala ng peligro na nauugnay sa kanilang negosyo.

⁵ Para sa layuning ito, ang “kontroladong” entidad ay isang entidad na kinokontrol ng Macquarie Group Limited, kung saan ang kontrol ay may kahulugang ibinigay sa AASB 10 “Pinagsamang mga Pahayag sa Pananalapi”.